

Mga Daga sa Food Establishments

Maaaring ma-contaminate ng mga daga ang food supplies kapag ito'y kanilang inihian, dinumihan, o kapag idinikit nila ang kanilang mga katawan dito. Ang mga daga ay nakakapulot ng mga mikrobyo tulad ng salmonella kapag sila'y gumagapang sa pagkain o kumakain ng nabubulok na pagkain at basura. Habang ang mga daga ay lumilibot sa kusina habang kumakain ng pagkain, umihi at nag-iiwan ng dumi, ang mga mikrobyo ay lumilipat sa pagkain, mga counter ng pagkain, shelves, kubyertos, atbp.

Ang bulletin na ito ay nagbibigay ng saligang impormasyon tungkol sa mga daga at kung paano sila makokontrola sa iyong lugar ng pagkain. Mahalaga ang **maiwasan** ang infestation sa iyong lugar.

Kung ang infestation ng daga ay naging sobrang grabe at hindi na magagarantiya ang safety ng pagkain at/o mga kubyertos, at ang mga ibabaw ng pagkain ay hindi maprotektahan mula sa kontaminasyon, maaaring isara ang iyong lugar.



At kapag hindi minintinang pest-free ang iyong lugar, maaaring mag-isyu ng mga utos, violation tickets, o iba pang legal na aksyon.

Pagkontrola ng mga Daga

Ang pagkontrola ng mga daga sa isang food establishment ay nangangailangan ng kombinasyon ng mga aksyon. Nakalista sa ibabâ ang ilang mga mabisang aksyon upang kontrolahin ang mga daga:

- Barahan ang anumang mga butas o opening kung saan maaaring makapasok ang daga. Punan ang mga espasyo sa paligid ng mga tubo, vents, at drain spouts kung saan sila pumapasok sa building. Ang lahat ng mga butas na mas malaki sa six millimetres (1/4 inch) ay dapat barahan.
- Inspeksyunin ang lahat ng papasok na delivery upang malaman kung may infestation o kontaminasyon ng ihi o dumi ng daga. Ang anumang mga delivery na infested o contaminated ay dapat ibalik sa supplier.
- Ilagay ang lahat ng pagkain nang kahit man lamang 6 inches mula sa sahig, at panatilihin bukás ang floor level.

- Regular na i-rotate ang iyong stock upang maiwasan na hindi naiistorbo nang matagal ang anumang lugar.
- Magmintina ng mahusay na sanitation sa buong food establishment. Tanggalin ang lahat ng mga pinanggagalingan ng pagkain sa katapusan ng araw (hal., crumbs o mumo, mga tumapong pagkain, mga tira ng pagkain, atbp.).
- Mag-hire ng certified pest control company upang alisin ang mga daga at upang masubaybayan ang sitwasyon. Siguraduhing sundin ang mga rekomendasyon na ibinigay ng iyong pest control company.

Kung ang infestation ng daga ay naging sobrang grabe at hindi na magagarantiya ang kaligtasan ng pagkain at/o mga kubyertos, at ang mga ibabaw ng pagkain ay hindi maprotektahan mula sa kontaminasyon, maaaring isara ang iyong lugar.

Gaano Katagal ang Buhay ng Daga

Ang isang maliit na problema ay maaaring mabilis na maging isang malaking problema kung hindi ito inayos. Ang mga babaeng daga ay maaaring magkaroong nang hanggang walong litter bawat taon, nang may lima hanggang anim na bubwit sa bawat litter. Tatlong buwan pagkatapos ipanganak ang mga daga, maaari na silang magbuntis.

Saan Naninirahan ang Mga Daga

Ang mga daga ay naninirahan sa madilim, mainit-init, at tahimik na lugar, malapit sa mga pagkain. Ang mga espasyo sa dobleng dingding at sinarang mga lugar sa ilalim ng mga counter at sa storage na lugar ay mainam para sa kanilang tirahan.

Ang mga daga ay madalas pinaka-aktibo sa gabi kapag madilim at walang tao sa paligid. Kapag nakakita ka ng daga sa kalagitnaan ng araw, madalas ay ibig sabihin nito'y may malaking infestation.

Ang mga daga ay nakaka-adapt sa mga stressful na lugar. Ang mga daga ay maaaring matulog upang makatipid ng enerhiya kapag sobrang init o sobrang lamig. Bukod pa rito, ang mga daga ay maaaring mabuhay nang walang tubig. Ang mga daga ay nangangailangan lamang ng isa o dalawang mililitro ng tubig bawat araw, at makukuha nila ito mula sa mga pagkain tulad ng cereal.

Mga Pinanggagalingan ng Infestation

Ang mga infestation ay maaaring mangyari kapag ang mga daga ay pumapasok mula sa mga katabing establishment gamit ang mga opening sa mga dingding at kisame. Ang mga delivery ay malaking sanhi ng infestation.

Proteksyon ng Pagkain

Ilagay ang dry food supplies sa mga metal, glass, o plastic na lalagyan na may mahigpit na takip, tuwing maaari.

Linisin at i-sanitize ang mga ibabaw na nadidikit sa pagkain sa simula ng bawat araw upang tanggalin ang anumang mga dumi at ihi ng daga na maaaring napunta doon sa gabing nakaraan.

Regular na inspeksyunin ang mga lugar para malaman kung may mga palatandaan ng infestation tulad ng dumi o sirang pagkain.

Kritikal na kontrolahin ang mga daga oras na nagkaroon nito.

Ang maagang kontrol ng populasyon ng mga daga ay makakapigil sa posibilidad ng malalaking infestations na siyang mahirap at magastos alisin. Mahalagang mag-hire ng isang certified pest control na kompanya na magsasagawa ng mabisang kontrol at na magsusubaybay sa sitwasyon. Bukod pa sa pest control services, ang paggamit ng kombinasyon ng mahusay na sanitation, pag-modify sa kapaligiran, at mga harang sa loob ng iyong lugar ay makatitiyak na ang mga infestation ng daga ay maiiwasan at makokontrola.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa pest infestation, mangyaring kontakin ang iyong local Environmental Health Officer.

Madali mong matatawagan ang iyong local Environmental Health office:

- Abbotsford (604) 870-7900
- Agassiz (604) 793-7160
- Burnaby (604) 918-7683
- Chilliwack (604) 702-4950
- Delta (604) 507-5478
- Hope (604) 867-7630
- Langley (604) 514-6121
- Mission (604) 814-5515
- New Westminster (604) 777-6740
- Ridge Meadows (604) 476-7000
- Surrey (604) 930-5405
- Tri-Cities (604) 949-7700

Para sa karagdagang impormasyon, o kung mayroon kang anumang mga katanungan, kontakin ang iyong local Environmental Health Services office.

Website: www.fraserhealth.ca/your_environment/